# Mga Uri ng Karahasan sa Lugar ng Trabaho sa mga Adult Family Home

Ang karahasan sa lugar ng trabaho ay anumang kilos o banta ng pisikal na karahasan, panliligalig, pananakot, o iba pang mapanirang asal na nagdudulot ng abala sa lugar ng trabaho.

## Mga Uri ng Karahasan sa Lugar ng Trabaho



**Karahasan mula sa mga Hindi Kilalang Tao**
Karahasang ginawa ng taong walang lehitimong dahilan na magpunta sa adult family home. Kabilang rito ang karahasang ginawa ng sinumang pumasok sa bahay na may layuning gumawa ng krimen.



**Karahasan mula sa mga Residente o Bisita**
Karahasan sa mga empleyado mula sa mga residente, pamilya o bisita ng residente, mga bisita, vendor, o iba pang taong nagbibigay ng tulong o serbisyo.



**Karahasan mula sa mga Katrabaho**
Karahasan sa empleyado mula sa kasalukuyan o dating empleyado, supervisor, o manager.

**Karahasan mula sa Personal na Relasyon**
Karahasang ginawa sa lugar ng trabaho ng isang taong hindi nagtatrabaho roon pero may (o kilalang nagkaroon ng) personal na relasyon sa empleyado.

Ang mga asal na may kaugnayan sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho ay dapat i-ulat at tugunan ayon sa patakaran ng inyong Adult Family Home. Kasalukuyang tinatapos at ipinapatupad ng DOSH ang bagong patakaran na **WAC 296-830 Workplace Violence Prevention in Healthcare**. Ang patakarang ito ay ipatutupad sa 2026.

Adult Family Home Council of Washington State
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM Savvy Community Outreach
SHIP Grant Program — Safety and Health Investment Projects — Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries